



Pasasalamat sa Kasalukuyang Ligaya



Kinapanayam ng Mimitaro si Gng. Keika Nagata, katutubo ng Taiwan na naninirahan sa lungsod ng Otsu ukol sa kanyang naging buhay.



Kasama ng pamilya ng kanyang anak na babae

Mayroong iba't-ibang katutubong nanirahan sa Taiwan noong ika-17 siglo hanggang sa pagdating ng lipi na tinaguriang *Han* buhat sa China. Ako ay nagbuhat

sa isa sa mga katutubong ito na

kung tawagin ay *Tayal*. Nilisan ko ang aming nayon nang ako ay 14 na taong gulang at ako ay nagpunta sa siyudad ng Taipei kung saan naninirahan ang aking tiyahin. Dito, ako ay nag-aral ng pagkanta at pagsayaw. Naging propesyonal akong mang-aawit, at kasama ang isang grupo ng mga entertainers, kami ay matagal na nagtanghal sa ibang bansa na tulad ng Japan at Singapore. Pagkatapos nito, nakilala ko ang aking asawang Hapon na noon ay bumisita sa Taiwan. Kami ay nagpakasal at ako ay tumigil sa pagtatrabaho. May 30 taon na ang nakalilipas nang ako ay dumating sa Japan buhat noon.

Ang mga katutubong *Tayal* ay napasailalim sa pamamahala ng Japan mula 1895 hanggang 1945, at dahil sa naging malaking impluwensiya nito, ang aking mga magulang ay natuto ng salitang Hapon. Subalit dahil sa ako ay hindi nakakaunawa ng wika, wala akong kaalaman sa pamumuhay sa Japan at halos lahat ay iniasa ko sa aking asawa. Ang aking asawa, na ang trabaho ay may kinalaman sa elektrisidad, ay isang lubhang mabait at seryosong tao. Siya rin ang namahala sa pag-aalaga ng aming 2 anak. Ginawa niya ang lahat ng kanyang makakaya sa pag-aaruga sa kanila na kung minsan ay may pagka-istriktong. Maaasahan siya sa loob ng aming tahanan, na siya namang aking kabaligtaran. Ang tanging naitulong ko lamang ay ang bigyan siya ng suporta at ibuhos ang lubos na pagmamahal sa aming mga anak. Naging maayos ang kanilang paglaki nang dahil sa aking asawa.

Nang ang mga bata ay nasa junior high school, nagkaroon ng malaking pangyayari sa aming pamilya. Ang aking asawa na tanging tagapag-hanapbuhay ng pamilya ay nagkaroon ng isang malubhang karamdaman. Nang mga panahong iyon, ako ay labis na nag-alala at napuno ng pagkabahala sa kanyang kalusugan. Subalit likas na positibo ang aking pananaw. Ako'y nagpasyang walang saysay ang pagiging malungkot. Sa edad na 45 taon, na palagi lamang na nasa loob ng bahay at hindi pa nakaranas ng paghahanap-buhay, naghanap ako ng trabaho sa unang pagkakataon. Marahil ay nakaramdam noon ng pag-aalala ang aming mga anak sa pagkakaroon ng isang amang may sakit at isang inang dayuhan. Sa aking palagay, ito ay naging pagkakataon upang sila ay maging mas matatag, lumaking malakas at maaaring makapagpasya para sa kanilang sarili.

Sa isang anunsyo sa diyaryo para sa mga naghahanap ng trabaho, nakita kong nakasulat rito ang “hindi kailangan ng karanasan” at ako ay nagpasyang magprisinta ng trabaho sa paglilinis sa isang kalapit na hotel. Pinatawag ko rito ang aking kaibigan sa telepono at nang ako ay magpunta sa interview, sinabi nila sa akin na hindi kinakailangan ang kaalaman sa Nihongo. May 16 na taon na ang nakakalipas mula noon. Ako ay nagtatrabaho ngayon sa Biwako Grand Hotel bilang tagapag-linis ng kuwarto at paliguan. Kahit na may pagkakataong hindi mabuti ang aking pakiramdam, sinikap kong ipagpatuloy pa rin ang aking paghahanap-buhay.

Gusto ko ang aking trabaho at ang lugar nito. May 10 kuwarto ang aking laging pinamamahalaan. Kahit minsan ay hindi ko pa naisip na magpalit ng trabaho. Mababait ang aking mga kasamahan at ang lahat ay nagkakasundo. Tuwing umaga, pagdating ko sa trabaho, “*Magandang umaga. Kumusta kayo?*” “*Galingan natin ang pagtatrabaho!*” Nakagawian ko na ang araw-araw na pagbati nang may ngiti at sigla sa lahat. Lagi akong nakangiti dahil ito lamang ang aking natatanging kakayahan. Kahit na masama ang pakiramdam, kapag pinilit ang pagngiti ay makakaramdam ng saya pati na ang mga nasa paligid. Kapag binati mo sa masigla at malakas na boses ang isang taong matamlay ay tiyak na siya ay mangingiti. “*Okachan*” (“*Nanay*”), ang tawag nila sa akin at ako ay popular sa lahat. At siyempre, kahit sa aming mga panauhin ay may ngiti ang aking pagbati. Hindi ito mawawala kahit gaano pa man ang pagod na aking nararamdaman. Dahil sa maraming mga bisitang buhat sa Taiwan at China, may pagkakataon rin na ako ay tumutulong sa pag-i-interpret para sa kanila kapag ito ay kinakailangan. Minsan naman ay tinatanong nila ako ukol sa mga restawran na may masarap na pagkain, at iba pang mga impormasyon. Ang aking pinagtatrabahuhan ay tinuturing kong “isa ko pang tahanan”, at ang mga kasamahan ko rito ay ang “isa ko pang pamilya”. Kung aking nanaisin ay maaari na akong makakuha ng pensiyon sa aking edad. Subalit ang aking trabaho ang siyang nagbibigay ng layunin sa aking buhay at pinagmumulan ng sigla ng aking katawan. Nais ko sanang ipagpatuloy ang pagtatrabaho hangga’t kaya ko pa.

Ang bawat tao ay may sari-saring buhay at kani-kaniyang kaligayahan. Para sa akin, ang maging maligaya ang aking pamilya ang pinakalubos na kasiyahan. Ang aking mga anak ay nagsimula nang mamuhay sa kanilang sariling mga landas. Sa taong ito ay nagkaroon na rin ako ng apo. Nagpapasalamat ako sa aking asawa at mga anak na nagdulot sa akin ng maraming ligaya at sa mga taong nakapalad kong makilala hanggang sa kasalukuyan. Nais kong mamuhay na patuloy na pinahalagahan ang simpleng kaligayahan ito kahit na sa hinaharap man.



～ Ang panahong kinakailangan upang makatanggap ng pensiyon ay pinaikli sa 10 taon. ～

Mula Agosto 1, 2017, ang panahon o tagal ng pagbabayad ng seguro na dati ay kinakailangang maging higit sa 25 taon upang makatanggap ng pensiyon para sa pagtanda, ay naging 10 taon na lamang. (Walang naging pagbabago ang mga kondisyon para sa pagtanggap ng "Survivor's Pension" o "pensiyon para sa pamilyang naiwan ng nakasegurong namatay" (*izoku nenkin*) at sa "Disability Pension" o "pensiyon para sa mga may kapansanan" (*shougai nenkin*).

Upang maging karapat-dapat sa pagtanggap ng old-age pension (*rourei nenkin*), dapat na ang isa o ilan man sa sumusunod ay may kabuuan (total) na 10 taon o higit pa kapag pinagsama:

$$\textcircled{1} + \textcircled{2} + \textcircled{3} + \textcircled{4} > 10 \text{ taon}$$

- ① Panahong kayo ay nagbayad sa seguro (panahong nakapagbayad sa seguro ng National Pension, panahon na ang nakaseguro ay miyembro ng Employees' Pension)
- ② Panahong kayo ay *exempted* sa pagbabayad ng seguro; panahong tumanggap ng palugit sa pagbabayad (*grace period*) tulad ng natatanging probisyon sa pagbabayad ng mga estudyante
- ③ Panahong kayo ay nakaseguro sa ilalim ng Category 3 (mga nakasegurong dependyente ng kanilang asawa na siyang policy holder)
- ④ Complementary coverage period: * (*kara kikan*)

* **Kara kikan (ika-④) ay ang complementary coverage period na hindi makikitang kasama sa halaga ng matatanggap na pensiyon subalit isasama sa pagkalkula sa kabuuang panahon ng pagiging sakop sa seguro.**

★ **Ang sumusunod ay kabilang sa complementary coverage period:**

- . Ang panahong ang isang tao na maaaring sumali sa National Pension ay hindi boluntaryong sumali rito bago ang Marso, 1986.
- . Ang panahong hindi boluntaryong sumali sa National Pension dahilan sa pagiging estudyante bago ang Marso, 1991.
- . Ang panahong hindi boluntaryong sumali ang asawang dependyente ng isang miyembro ng Employees' Pension bago ang Abril, 1986.


! **Ang kara kikan na malaki ang kaugnayan sa mga dayuhan ay ang sumusunod:**

- . Ang panahong hindi nakasali ang mga dayuhang naninirahan sa Japan bago pagtibayin ang Refugee Convention (bago ang taong 1981). Sakop nito ang mga special permanent resident tulad ng mga residenteng Koreano sa Japan (*zainichi*), atbp.
- . Ang panahong nanirahan sa ibang bansa mula Abril, 1961. Ito ay para sa mga nagtamo ng nasyonalidad na Hapon at para rin sa mga permanenteng residente.



Kung ang mga nagtamo ng nasyonalidad na Hapon, mga permanenteng residente, at iba pa, ay may panahong inilagi sa ibang bansa, kakailanganin ang mga dokumentong magpapatunay nito sa oras ng kanilang aplikasyon sa pagkuha ng pensiyon. Dahil dito, mahalagang itabi ang ginamit na mga pasaporte hanggang sa kasalukuyan. Ang mga rekord ng "katunayan ng pagkakarehistro ng mga dayuhan" ("certificate of alien registration") bago ang Hulyo 9, 2012 ay nasa pag-iingat ng Ministry of Justice. Sa kadahilanang ito, upang patunayan ang ukol sa mga nakaraang paglabas at pagpasok sa bansa, kakailanganing humiling ng katunayan ayon sa dating mga rekord ng paglabas / pagpasok (o pagbalik) sa bansa. Bisitahin ang sumusunod na website para sa detalye.

http://www.moj.go.jp/hisho/bunsho/disclose_disclose05-05.html



Old-age pension (*rourei nenkin*) - Sa Old-age pension o "pensiyon para sa matatanda" (*rourei nenkin*), ang pensiyon na nagiging karaniwang batayan para sa lahat ng kasapi ay tinatawag na "Old-age basic pension" (*rourei kiso nenkin*). Ang kasapi sa National Pension o "pambansang pensiyon" (*kokumin nenkin*) ay makakatanggap lamang ng old-age basic pension, subalit ang mga kasapi sa Employees' Pension o "pensiyon para sa mga empleyado" (*kousei nenkin*) ay madaragdagan pa bukod rito ng benepisyo buhat sa Employees' Pension. Kung nakapagbayad ng old-age basic pension ng buong 40 taon hanggang sa edad na 60, matatanggap ang taunang kabuuang halagang ¥779,300 (taong 2017). Ang edad sa pagtanggap ng old-age pension ay tulad pa rin ng dati na mula 65 taong gulang, subalit kung nanaisin, ang pagkakaloob nito ay maaaring maging mas maaga o kaya naman ay ipagpaliban muna (*early or delayed pension benefits*). Sa sistema ng Employees' Pension, makakatanggap ng natatanging kabayaran para sa old-age employees' pension mula sa edad na 60 hanggang 65, kung aayon sa ilang kondisyon na tulad ng araw ng kapanganakan at kasarian.

Kasunduan sa Panlipunang Seguridad (Social Security Agreement) (*shakai hoshou kyoutei*)

Kung ang isang tao ay naging miyembro ng sistema ng pensiyon sa isang bansa na kasama sa “Kasunduan sa Panlipunang Seguridad” (“Social Security Agreement”) na pinagtibay kasama ng Japan, maaaring ituring ang panahon ng pagiging miyembro niya sa bansang ito bilang panahon ng pagiging miyembro sa sistema ng pensiyon sa Japan. Sa kasong ito, ang halaga ng pensiyong matatanggap sa Japan ay pagpapasiyahan ayon sa panahon ng ginawang pagbabayad ng pensiyon dito sa Japan. Bisitahin ang sumusunod na website upang matiyak ang mga bansang kasama sa kasunduan at nilalamang mga detalye para sa bawat bansang kasapi: <http://www.nenkin.go.jp/service/kaigaikyoku/shaho-kyotei/>

Suriin ang mga impormasyon ukol sa inyong sariling pensiyon!

Matatanggap ang *nenkin teikibin* (“regular na pag-uulat ukol sa pensiyon”), isang beses sa bawat taon, sa buwan ng kapanganakan ng nakasegurong miyembro ng National Pension at ng Employees’ Pension upang makumpirma ang kanyang rekord. Hindi makakarating sa inyo ang *nenkin teikibin* kung ang nakasulat na tirahan sa abiso ay naiiba sa kasalukuyang tirahan, kaya’t ipagbigay- alam kung may pagbabago sa inyong address.

Para sa kumpirmasyon ng rekord ng inyong pensiyon:
“Nenkin net” https://www.nenkin.go.jp/n_net/index.html
“Nenkin teikibin” • “Nenkin net” Tel. 0570-058-555



- ★ Kumpirmahin pa rin sa pension office kahit na ang panahon ng pagbabayad ninyo ng pensiyon ay kulang sa 10 taon!
 - Tiyakin kung walang nakaligtaan o kung may pagkakamali. (May iba pa bang numero ng basic pension?: Halimbawa ay ang pagkakaroon ng 2 pension booklet. May iba pa bang pangalang nakarehistro?)
 - Siyasatin kung may maituturing na *complementary coverage period* o *gassan taisho kikan*. (Ang panahong ipinamalagi sa ibang bansa ng mga permanenteng residente at mga may nasyonalidad na Hapon ay isasama.)
- ★ May sumusunod na mga pamamaraan upang mapunan ang kinakailangang panahon ng pagbabayad upang maging karapat- dapat sa pagtanggap ng pensiyon (qualifying period):
 - Boluntaryong maging miyembro sa National Pension mula 60 hanggang 65 taong gulang. (Maaaring maging miyembro ang mga ipinanganak bago ang Abril 1, 1965 hanggang sa edad na 70.)
 - Bayaran ang mga panahong hindi pa nababayaran na gamit ang “sistema ng pagpapaliban ng pagbabayad” ng National Pension. (Ang sistema ng 5 taong pagpapaliban ng pagbabayad ay maaaring magamit hanggang Setyembre 30, 2018.)

Lump-sum withdrawal payments (*dattai ichijikin*) – Hindi man kwalipikadong makatanggap ng pampublikong pensiyon, maaaring makakuha ng sumusunod sa mga pagkakataong tulad ng pagbalik sa sariling bansa:

Kapag nawala ang karapatan sa pagiging miyembro sa National Pension o sa Employees’ Pension ng mga taong hindi Hapon ang nasyonalidad at sila ay umalis ng Japan, maaari silang magpasa ng kahilingan para sa lump-sum withdrawal payment sa loob ng 2 taon mula sa petsang mawala ang kanilang tirahan (address) sa Japan. Ang mga dayuhang babalik sa kanilang bansa ay maaaring makakuha ng kanilang lump-sum withdrawal payment kung sila ay nakapagbayad ng pensiyon sa loob ng 6 na buwan o higit pa.

- ! **Ang mga may “eligibility period” na 10 taon o higit pa ay hindi maaaring tumanggap ng lump-sum withdrawal payment.**
- ! Sa pagkuha ng lump-sum withdrawal payment, ang panahon ng pagbabayad na siyang batayan sa pagkalkula ng makukuhang halaga nito ay mawawalang-bisa bilang panahon ng pagiging miyembro sa pensiyon, kaya’t **pag-aralan munang mabuti bago mag-apply sa pagkuha ng lump-sum withdrawal payment.**
- ! Maaari nang magpasa ng aplikasyon para sa lump-sum withdrawal payment habang naninirahan pa sa Japan.
- ! Sisingilin ang 20% na withholding income tax para sa Employees’ Pension Insurance. Upang maisagawa ang kahilingan para sa pagbabalik ng ibinayad (refund) na buwis, kailangang ipasa sa tax office ang “abiso sa pagtatalaga ng isang kinatawag tagapangasiwa sa buwis” o “notification of tax agent” (*nouzei kanrinin todokede sho*) bago lumabas ng bansang Japan.
- ! Para sa mga detalye: <http://www.nenkin.go.jp/service/jukyusonota-kyufu/dattai-ichiji/20150406.html>

Pagsangguni ukol sa pensiyon:

“Nenkin Dial” Tel. 0570-05-1165	IP / PHS: Tel. 03-6700-1165
Kusatsu Machikado no Nenkin Soudan Center. 1-1-50 Shibukawa, Kusatsu City	Tel. 077-564-4311
Otsu Pension Office 13-5 Uchidehama, Otsu City	Tel. 077-521-1789
Kusatsu Pension Office 1-16-35 Nishi Shibukawa, Kusatsu City	Tel. 077-567-2220
Hikone Pension Office 169-6 Tomachi, Hikone City	Tel. 0749-23-1114

Impormasyon sa pensiyon sa iba’t-ibang wika: <http://www.nenkin.go.jp/international/>



Event Information



◆ **Kangetsu no Yube** Hanggang 10/22 (Lin.)
6:30 pm~8:30 pm (Huling oras ng pagpapapasok)
Genkyu-en (3-40 Konki-cho, Hikone City)
Namumukod-tangi ang tanawin ng tore ng kastilyo at ng buwan mula sa Genkyu-en o hardin ng Hikone Castle!
[Info](#) Genkyu-en Tel. 0749-22-2742

◆ **Tokaido Ishibe-juku Festival ng Konan**
10/28 (Sab.) 10:00 am~4:00 pm
Ameyama Cultural Sports Park (2-1-1 Ameyama, Konan City)
Isang sa mga "post town" o himpilang bayan para sa mga manlalakbay noong panahon ng Edo. May mga event ukol sa Ishibe-juku.
[Info](#) Exec. Committee on Konan City's 3 Major Festivals
Tel. 0748-71-2157

◆ **Aisho 66 Kamado Festival** 10/29 (Lin.)
Rapport Hatasho (2978-1 Kano, Aisho-cho, Echi-gun)
May mga stage event, flea market, atbp.
[Info](#) Aisho 66 Kamado Festival secretariat Tel. 0749-37-3951

◆ **Ika-14 Kusatsu Machi akari, Hana akari, Yume akari**
11/2 (Huw.), 11/3 (Biy.) Gaganapin sa silangang bahagi (east side) ng Kusatsu station shopping district
Bibigyang liwanag ng ginawang ilawan ng mga residente ang lumang mga daan.
[Info](#) Kusatsu Chamber of Commerce & Ind. Tel. 077-564-5201



◆ **Nagahama Kimono Event** 11/3 (Biy.)
Hikiyama Museum (14-8 Motohama-cho, Nagahama City)
Matututo ukol sa kultura ng kimono sa mga leksiyon at event
[Info](#) Nagahama Tourism Promotion Div. Tel. 0749-65-6521

◆ **Masiyahan sa makukulay na dahon ng taglagas!**
Mula kalagitnaan ng Nob. hanggang unang bahagi ng Dis.

▲ **Hanay ng mga puno ng Metasequoia** (mula Hiruguchi hanggang Makino sa Makino-cho, Takashima City)

▲ **Mii-dera** (246 Onjyoji-cho, Otsu City)

▲ **Keisoku-ji** (Furuhashi, Kinomoto-cho, Nagahama City)

▲ **Konsho-ji** (1394 Arahari, Ritto City)

▲ **Konan Sanzan** Jyoraku-ji (6-5-1 Nishitera, Konan City)
Chouju-ji (5-1-11 Higashitera, Konan City)
Zensui-ji (3518 Iwane, Konan City)

▲ **Koto Sanzan** Saimyo-ji (26 Oaza Ikedera, Kora-cho, Inukami-gun)
Kongorin-ji (874 Matsuoji, Aisho-cho)
Hyakusai-ji (323 Hyakusaiji-cho, Higashiomi City)

▲ **Eigen-ji** (41 Takano-cho, Eigenji, Higashiomi City)



◆ **"Momiji Kippu"** 11/21 (Mar.)~11/29 (Miy.)

Walang limit na paggamit ng tiket sa tren at bus sa loob ng isang araw sa panahon ng taglagas! Magagamit sa tren ng Omi railway (sa pagitan ng Omihachiman station at Yokaichi station) at sa shuttle bus (sa pagitan ng Hikone station, Koto Sanzan at Eigen-ji) (Matanda: ¥1,800 Bata: ¥900)
Saan mabibili: Omi Railway sa Omihachiman station, Yokaichi station, at sa bus stop sa Hikone station, west exit.



◆ **"Tayo nang maglakad at bumisita sa 3 dambana sa Taga."**

11/18 (Sab.) mula 8:45 am (kailangan ng reserbasyon)
Pagbisita sa mga dambana (shrine) sa Taga habang nasisiyahan sa magandang kalikasan ng mga dahon sa taglagas at sa mga tanawin sa paligid. Mayroong *bento* at pasalubong (walang bayad)
[Info](#) Taga Sightseeing Association Tel. 0749-48-1553

◆ **Tokaido Walk "Michikusa Compass"** 11/25 (Sab.), 11/26 (Lin.)

Sa kahabaan ng lumang daan ng Tokaido (purok ng Ishibe) sa Konan City
Mangolekta ng stamp habang nililipot ang mga art exhibition hall!
[Info](#) Kojibukuro Machizukuri Ctr., Konan City Tel. 0748-71-2560

◆ **Kawakubo Illumination** 12/2 (Sab.) hanggang 1/4/2018 (Huw.)

Kawakubo Children's Park (164 Kawakubo, Aisho-cho)
May halos 40,000 iluminasyon na magbibigay-liwanag sa kalangitan sa gabi.
[Info](#) Kawakubo Regional Center Tel. 0749-42-2003

◆ **Shigaraki Kogen Tetsudo "Santa Claus Train"**

Mula sa kalagitnaan ng Disyembre ~
Shigaraki Kogen Railway (mula Kibukawa hanggang Shigaraki station)
Masasakyan ang "Santa Claus Train" na pinalamutian ng mga dekorasyong pamasko. Mamimigay si Santa ng regalo para sa mga bata.
[Info](#) Shigaraki Kogen Railway Co. Tel. 0748-82-3391



◆ **Pagtitipon para sa pagtugtog ng kampana sa gabi ng bisperas ng Bagong Taon sa Hikone Castle** 12/31 (Lin.)

11:30 pm~12:30 am Hikone Castle (1-1 Konki-cho, Hikone City)
Ang magandang tunog na buhat sa kampana ay aalingawngaw sa kapaligiran.
[Info](#) Hikone Castle Management Off. Tel. 0749-22-2742



◆ **Higashiomi New Year's Day Health Marathon**

1/1 (Lun.) Magsisimula ng 10:00 am
Nunobiki Athletic Park at sa mga daan sa paligid (581-11 Imabori-cho, Higashiomi City)
Magmadali sa pagsali!
[Info](#) Higashiomi City Sports Division Tel. 0748-24-5674

◆ **Katsube Fire Festival** 1/13 (Sab.) Mula bandang 8:00 pm~

Katsube Jinja (shrine) (1-8-8 Katsube, Moriyama City)
Sisindihan ang mga sulo na may hugis ng ahas. Ang mga kabataan ay magsasayaw ng sayaw na puno ng sigla.
[Info](#) Katsube Jinja Tel. 077-583-4085

◆ **Paunawa mula sa SIA**

▼ **Eksibisyon ng mga Dayuhang Artist sa Piazza Omi**

Eksibisyon ng Brazilian Artist

Petsa: 11/12 (Lin.) hanggang 11/26 (Lin.)
Lugar: Piazza Omi 1st flr. (1-1-20 Nionohama, Otsu City)
[Info](#) Shiga Intercultural Association for Globalization (SIA)
Tel. 077-526-0931